Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng Heneral Trias

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG HENERAL TRIAS, KABITE NA GINANAP NOONG IKA-14 NG SETYEMBRE, 1995 SA SESSION HALL NG BAHAY PAMAHALAAN.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Francisco B. Grepo. . . . | Pangalawang Punong Bayan/ Tagapangulo |
| Kgg. Ruben M. Parani . . . . . | Kagawad/Majority Floor Leader |
| Kgg. Luis A. Ferrer IV . . . . | Kagawad/Asst. Maj. Floor Leader |
| Kgg. Felix A. Grepo . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Rodolfo P. Satsatin . . . | Kagawad |
| Kgg. Danilo D. Alcaraz . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bienvenido M. Custodio. . | Kagawad |
| Kgg. Rogelio M. Culanding. . . | Kagawad/ABC President |
| Kgg. Ariel M. Mugol . . . . . | Kagawad/SK President |

MGA DI DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Arturo P. Tacos . . . . . | Kagawad/Minority Floor Leader |
| Kgg. Abelardo S. Parani. . . . | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 59-95

SAPAGKA'T, sa Seksyon 7 ng R. A. 7432 ay kinakailangan ng isang Kagawad ng Sangguniang Bayan ang mamuno sa Office of Senior Citizens Affairs (OSCA);

SAPAGKA'T, ang Tagapangulo ng Office of Senior Citizens Affairs (OSCA) ay hindi na Kagawad ng Sangguniang Bayan.

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Luis A. Ferrer IV na pinangalawahan ni Kag. Ariel M. Mugol, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na si Kag. Bienvenido M. Custodio ang maging Tagapangulo ng Office of Senior Citizens Affairs bilang kapalit ni Abogado Cornelio A. Grepo.

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

## KAPASIYAHAN BLG. 60-95

SAPAGKA'T, ang Pambayan Kautusan Blg. 8, ng taong 1968 ay nagbabawal at nagpapataw ng kaparusahan sa sino mang tao o mga tao na uminom at magpainom nang kahit na anumang uri ng alak na nakakalasing sa bisperas at kapistahan ng bayan ng Heneral Trias;

SAPAGKA'T, ang parusang iginawad sa Seksyon 3 ng Pambayang Kautusan Blg 8, Serye 1968 ay di na akma sa kasalukuyang panahon;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kag. Ariel M. Mugol na pinangalawahan ng lahat, na

RODOLFO P. SATSATIN
ARIEL M. MUGOL
FELIX A. GREPO
ROGELIO M. CULANDING
LUIS A. FERRER IV
BIENVENIDO M. CUSTODIO
RUBEN M. PARANI
DANILO D. ALCARAZ

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na ang kaparusahan sa Seksyon 3 ng Kautusang Pambayan Blg. 8, Serye 1968 ay masusugan na sa halip na ₱10.00 hanggang ₱50.00 ay gawing ₱300.00 at pagkabilanggo ng isang (1) buong araw o 24 na oras.

PINAGKAISAHAN NG LAHAT.

## KAPASIYAHAN BLG. 61-95

ISANG KAPASIYAHAN NG KAHILINGAN SA KGG. NA SENADOR RAMON REVILLA NA MAPAGKALOOBAN NG TULONG PINANSIYAL ANG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NA MAGMUMULA SA KANYANG COUNTRYWIDE DEVELOPMENT FUND PARA SA MGA PROYEKTONG PAMBAYAN.

SAPAGKA'T, ang Kgg. na Senador Ramon Revilla ay may ipinagkakaloob na tulong sa mga bayan na manggagaling sa kanyang Countrywide Development Fund;

SAPAGKA'T, ang bawat kagawad ng Sangguniang Bayan ay may mga proyektong nais maisagawa, subalit sa kakulangan ng pondo ay di magkaroon ng katuparan;

SAPAGKA'T, ang mga proyektong nakatala sa ibaba ay lubhang kailangan para sa kabutihan ng mamamayan ng Heneral Trias.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kag. Felix A. Grepo na pinangalawahan ng lahat, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na hilingin sa Kgg. na Senador Ramon Revilla na mapagkalooban ng tulong pinansiyal ang mga kagawad ng Sangguniang Bayan na magmumula sa kanyang Countrywide Development Fund para sa mga proyektong pambayan ng nakasaad sa ibaba:

| KAGAWAD | PROYEKTO | BGY. NA MAKIKINABANG |
|---|---|---|
| Kag. Luis A. Ferrer IV | Emergency Light | 33 barangay |
| Kag. Ruben M. Parani | Canal Lining | Bgy. San Juan I |
| Kag. Felix A. Grepo | Electric Fan | 33 barangay |
| Kag. Abelardo S. Parani | Shallow Well | Bgy. Dulongbayan and San Juan I |
| Kag. Rodolfo P. Satsatin | Shallow Well | Bgy. Tejero & Sta. Clara |
| Kag. Danilo D. Alcaraz | Shallow Well | Bgy. Pasong Kawayan II |
| Kag. Arturo P. Tacos | Shallow Well | Bgy. Bacao I & II |
| Kag. Bienvenido M. Custodio | Shallow Well | Bgy. Pasong Camachile I & II |
| Kag. Rogelio M. Culanding | Pagsasaayos ng Day Care Center | Bgy. Tapia |
| Kag. Ariel M. Mugol | Street Light | Bgy. Bagumbayan |

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

RODOLFO P. SATSATIN
ARIEL M. MUGOL
FELIX A. GREPO
ROGELIO M. CULANDING
LUIS A. FERRER IV
BIENVENIDO M. CUSTODIO
RUBEN M. PARANI
DANILO D. ALCARAZ

## KAPASIYAHAN BLG. 62-95

SAPAGKA'T, ang pagtatanim ng puno ay pag-alinsunod sa pambansang proyekto na ipinatutupad ni Pangulo Fidel V. Ramos ang "CLEAN AND GREEN";

SAPAGKA'T, ang pagtatanim ng puno ay makakatulong ng malaki sa pagpigil ng daloy ng tubig kung umuulan at makakasugpo sa pagguho ng lupa;

SAPAGKA'T, ito ay nakapagbibigay lilim na nagsisilbing pahingahan ng mga naninirahan sa bawat tahanan;

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Ariel M. Mugol na pinangalawahan ni Kag. Bienvenido M. Custodio at Kag. Rogelio M. Culanding, na

> NA PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang isang Kautusang Pambayan na nagtatakda sa sinumang tao o mga tao na naninirahan sa mga subdivision o nasasakupan ng bayan ng Heneral Trias na magtanim ng 2 o higit pang puno sa paligid ng kanilang mga tirahan at ito ay makikilala na Kautusang Pambayan Blg. 3-95 at mababasa gaya ng mga sumusunod:

## KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 3-95

ISANG KAUTUSAN NA NAGTATAKDA SA SINUMANG TAO O MGA TAO NA NANINIRAHAN SA MGA SUBDIVISION O NASASAKUPAN NG BAYAN NG HENERAL TRIAS NA MAGTANIM NG DALAWANG (2) PUNO O HIGIT PA SA PALIGID NA KANILANG MGA TIRAHAN.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Heneral Trias, Kabite, na

Pangkat 1. - Na ang sinumang tao na naninirahan sa mga subdivision o nasasakupan ng Heneral Trias ay kinakailangang magtanim ng dalawa (2) o higit pang puno sa paligid ng kanilang tirahan.

Pangkat 2. - Ang sinumang tao na lumabag o hindi tumupad sa kautusang ito ay lalapatan ng kaparusahan na ₱300.00 o isang (1) araw na pagkabilanggo o dili kaya'y magkasamang multa at pagkabilanggo sang-ayon sa pagpapasiya ng hukuman.

Pangkat 3. - Ang kautusang ito ay magkakabisa labinlimang araw matapos na mapagtibay.

PINAGTIBAY, Setyembre 14, 1995.

## RESOLUTION NO. 63-95

A RESOLUTION REQUESTING THE NATIONAL FOOD AUTHORITY TO ALLOCATE ONE ADDITIONAL BIGASANG-BAYAN TO BE INSTALLED AT COLMENAR, GENERAL TRIAS, CAVITE.

WHEREAS, around 1,000 under privileged families had been relocated in Colmenar, General Trias, Cavite under the Pabahay 2000 of the Public Estates Authority;

WHEREAS, the source of their livelihood is derived either from carpentry, masonry, vending or factory workers;

RODOLFO P. SATSATIN
ARIEL M. MUGOL
FELIX A. GREPO
ROGELIO M. CULANDING
LUIS A. FERRER IV
BIENVENIDO M. CUSTODIO
RUBEN M. PARANI
DANILO D. ALCARAZ

WHEREAS, their meager income deprived them most often from buying their basic needs, particularly rice;

WHEREAS, it is the concern of the LGU to look into the welfare of their constituents to include the relocated residents.

WHEREFORE, on motion of SB Member Ruben M. Parani duly seconded by all members present, this body

RESOLVED, as it is hereby resolved, to request National Food Authority (NFA) to allocated additional Bigasang-Bayan.

UNANIMOUSLY ADOPTED.

RESOLUTION NO. 64-95

WHEREAS, a Memorandum of Agreement (MOA) made and entered into by and among the Cooperative Development Authority, the Public Estates Authority, the Cooperative Foundation Philippines Inc. and the Municipality of General Trias was submitted to this August Body for consideration and approval;

WHEREAS, it is the commitment of the present administration to improve the quality of life of the people, specially the less fortunate, through people empowerment and sustainable economic development;

WHEREAS, cooperative have been chosen as one of the vehicles for the attainment of both people empowerment and sustainable economic development;

WHEREAS, the present residents in the reclamation area who are among the least privileged will be relocated to Colmenar, General Trias, Cavite where they will be given opportunities for socio-economic advancement;

WHEREAS, the relocated residents from the reclamation area will eventually be organized into cooperative to enable them to collectively undertake their livelihood activities and socio-cultural development endeavors;

WHEREAS, the government sector thru theCDA, PEA and the local government of General Trias, non-government organizations like CFPI and other religious and Civic organizations have volunteered to assist the relocatees in attaining the above objectives.

NOW THEREFORE, on motion of SB Member Ruben M. Parani duly seconded by SB Member Ariel M. Mugol, this Body

RESOLVED, as it is hereby resolved, to authorize the Local Chief Executive to sign for and in behalf of the Municipal Government of General Trias the Memorandum of Agreement between the Cooperative Development Authority, Public Estates Authority and the Cooperative Foundation of the Philippines Inc. in handling the cooperatives.

UNANIMOUSLY ADOPTED.

RODOLFO P. SATSATIN
ARIEL M. MUGOL
FELIX A. GREPO
ROGELIO M. CULANDING
LUIS A. FERRER
BIENVENIDO M. CUSTODIO
RUBEN M. PARANI
DANILO D. ALCARAZ

RESOLUTION NO. 65-95

WHEREAS, there is a total budget of 3.1 Million Pesos released by the Department of Budget and Management (DBM) from the latter part of CY 1992 and the 1993 Countrywide Development Fund (CDF) for the purpose of financing the implementation of livelihood and value formation projects in General Trias and other towns of Cavite particularly the Second District thereof, covered by advices of allotment number BC-1918-92-415 and BC-696793-115 and notice of Funding Check number 0000297558 EE;

WHEREAS, the same has been released to Gentry through the intercession of Representative Renato P. Dragon;

WHEREAS, the intention of this Memorandum ofAgreement (MOA) is to keep the aforementioned 3.1 Million Pesos fund intact and to disburse for the purposes stated herein only the income derived from the interests and investments out of the same;

WHEREAS, DO and Gentry agreed to enter into this foregoing MOA to safeguard the aforementioned funds and to govern the releases thereof.

NOW THEREFORE, on motion of SB Member Ruben M. Parani duly seconded by all members present, this Body

RESOLVED, as it is hereby resolved, to authorize the Municipal Mayor to sign for and in behalf of the Municipality of General Trias the Memorandum of Agreement between the District Office of Representative Renato P. Dragon represented by his Legislative Officer, Ms. Nieva M. Madlangsakay with the conformity of Congressman Renato P. Dragon of the Second District of Cavite.

UNANIMOUSLY ADOPTED.

FRANCISCO B. GREPO
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

RUBEN M. PARANI
Kagawad/
Majority Floor Leader

LUIS A. FERRER IV
Kagawad/
Asst. Majority Floor Leader

FELIX A. GREPO
Kagawad

RODOLFO P. SATSATIN
Kagawad

DANILO D. ALCARAZ
Kagawad

BIENVENIDO M. CUSTODIO
Kagawad

ROGELIO M. CULANDING
Kagawad/
ABC President

ARIEL M. MUGOL
Kagawad/
SK President

PINATUTUNAYAN:

EUGENIA G. SAN JOSE
Kalihim